
CITTA' DI VENEZIA

DIREZIONE POLITICHE SOCIALI,
PARTECIPATIVE E DELL'ACCOGLIENZA

Servizio Immigrazione e la Promozione
dei Diritti di Cittadinanza e dell'Asilo

# PAGPETISYON SA PAMILYA




FILIPPINO

**Artikulo.29, talata1, ng Konstitusyon** kinikilala ang mga pangunahing karapatan ng pamilya bilang isang likas na yaman ng lipunan na itinatag base sa kasal. Ang ugnayan ng pamilya ay kinikilala at protektado ng malawak na sakop ng pangkalahatang garantiya ng indibidwal kaysa sa orihinal at pangunahing mga karapatan na ipinagkaloob sa kanya

**Test sa Imigrasyon nagbibigay ng mga panuntunan na nilalayon ang kapakanan ng bawat bahagi ng pamilya ng mga estranghero na legal na nakatira sa italya, sa pagkakaroon ng ilang mga kundisyon, upang matiyak na ang mga pamilya ay may mga disenteng kalagayan ng pamumuhay at paninirahan.**

**Ang Family Reunification o pagpetisyon sa pamilya ay maaaring hilingin ng mamamayang dayuhan na mayroong:**

- Isang residence permit CE (dating residence card);
- Isang residence permit na may pangkasalukuyang bisa at hindi bababa ang bisa sa isang taon para sa motibong trabaho o pansariling trabaho o para sa mga kadahilanang pampamilya, political asylum, misyon, layuning makatao, para sa pag-aaral o para sa mga relihiyosong dahilan

**Ang mamamayang estranghero ay maaaring mag-aplay ng Petisyon ng pamilya para sa mga sumusunod na miyembro nito. Art. 29, Pambatasang Atas no. 286/98 at kasunod na pagbabago sa mga susog sa Immigration Act;**

-;Ang asawa;
- Ang mga menor de edad na anak (kabilang ang ampon);
- Mga anak na nasa tamang edad na sa kadahilanan na hindi nila kayang tugunan ang kanilang mga mahahalagang pangangailangan sa buhay, dahil sa sitwasyon ng kanilang kalusugan na humahantong sa kabuuan nitong kapansanan;
- ang mga magulang na nakasalalay sa kanila kung saan wala nang iba pa itong mga anak sa bansang pinagmulan, at mga magulang na may mahigit sa animnapung taong gulang, kung saan ang iba nitong mga anak ay hindi kayang suportahan ang mga ito dahil sa mga malubhang kalagayan ng kanilang kalusugan.

**Ang karapatan ng pagpetisyon sa pamilya ay kinikilala rin sa mga refugees, alinsunod sa art. 29 dagdag, Consolidated Act sa Imigrasyon; isang Italyanong mamamayan at isang residente ng mamamayan ng EU sa Italya ayon sa Legislative Decree.6 Pebrero 2007 n. 30 at kasunod na mga susog.**



# ANO ANG AMİNG MAİTUTULONG

Pagtuturo para sa pagkuha ng mga dokumento, compilation at pagpapadala ng electronic application

## Impormasyon at pagpapayo sa:

- Karapatan sa pagkakaisa ng pamilya
- Mga Tuntunin at mga Kundisyon para sa Pagpetisyon ng pamilya
- Pagpetisyon ng pamilya at sa mga susunod pang kapamilya (ibig sabihin pagpasok para magtrabaho nang magkasama o magkasabay sa isang miyembro ng pamilya)

## at :

- Oryentasyon para sa isang proyektong nalalaman at masusuportahan
- Suportang gawain at Tulong na panlipunan
- Impormasyon sa sistema ng paaralang Italyano
- Suportang pang-edukasyon sa mga pamilya at sa mgakabataan sa pagpili ng paaralan sa Italya



VENEZIA



MESTRE

## SERVIZIO IMMIGRAZIONE E LA PROMOZIONE DEI DIRITTI DI CITTADINANZA E DELL'ASILO

**VENEZIA: Castello 6122, Campo S. Maria Formosa,**

**MESTRE: Via Verdi 36, Mestre**

**(Para sa mga magpapasa ng mga papel tungkol sa application ng pagpetisyon sa pamilya)**

**(Sa pamamagitan lamang ng appointment)**

Tumawag sa numero ng telepono **0412747408**
Mula Martes hanggang Biyernes
mula 11.00 hanggang 1:30